Witness: May personal po akong nalalaman sa kasong ito Sir, dahil nandoon po ako ng panahon na sinukat ang lupa ni Ibarra, bago po ito binili ni Eddie.

Q: Atty. Parcon: Anong lupa po itong binabanggit nyo Sir.

Witness: Yung lupa po sa Brgy. Marigondon, Cajidiocan, Sir, malapit sa tabing dagat na ngayon ay may restaurant at bahay ng anak ni Eddie na si Jayson R. Reyes ("Jayson").

Q: Atty. Parcon: Paano po kayo naroon sa nasabing lupa ni Ibarra ng ito ay sukatin?

Witness: Ang sabi po sa akin ng aking uncle na si Ibarra sa tawag niya sa cellphone, dahil nasa Manila siya noon, na tingnan ko raw ang sukat ng lupa niya sa Brgy. Marigondon, malapit sa baybay dahil binibili raw po ito ni Eddie. Sabi ko sa kanya, sige ako nap o ang bahala.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang sumunod na nangyari?

Witness: Sinukat po muna namin ang lupa ni Ibarra sa tabing baybay kasama si Eddie, noong nasukat na namin, lumalabas mga 423 sq. m. ang pwedeng bilhin ni Eddie.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang sumunod na nangyari?

Witness: Nalaman ko na lang na binayaran na po nila Eddie si Ibarra sa Manila. Ako naman ay nandito lang sa Sibuyan noong mga panahon na yon.

Q: Atty. Parcon: Naalala nyo po ba kung saan banda ang boundary ng lupa ni Ibarra, na sinukat ninyo para ibenta kay Eddie?

Witness: Ang naalala kung boundary niyan ay banda sa lupa nila Male at sa kabila naman sa lupa ni Vicente Rovira, kapatid ni Ibarra.

Q: Atty. Parcon: Kung e-aapply po natin ang actual na position dito sa lupa na nabili ni Eddie, saan po dito ang boundary Sir.

Witness: Kung titingnan po natin ang 423 sq. m. yan po ang actual kung saan nakatayo ang structure nila Jayson Reyes. Aabutin yung building na pinagagawa ngayon ni Lourdes Esteban.

Q: Atty. Parcon: Paano po ninyo sinukat ang lupa noong inutusan ka ni Ibarra na sukatin ang lupa na binibili ni Eddie?

Witness: Sinukat po namin yang lupa, kasama si Eddie at may isa pa kaming kasama, gamit yung mahabang tape measure. Kinuha po

namin ang salvage zone doon sa pinaka abot ng tubig papunta rito sa taas kung naalala ko mga 20 meters, tapos nilagyan po namin ng palatandaan na kahoy yung mga boundaries.

Q: Atty. Parcon: Alam po ba ninyo kung nasaan na si Ibarra sa ngayon?

Witness: Patay na po siya, Sir, at may naiwan po siyang tatlong anak na sina Aldan, Marichu, at yung isa pa nilang anak, di ko na maalala.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang nangyari sa lupa ni Ibarra noong siya ay namatay na, kung alam mo?

Witness: Binenta na po nila ang property nila sa Brgy Marigondon, at sa pagkakarinig ko si Lourdes Esteban ang nakabili ng lupa ni Ibarra sa Brgy. Marigondon.

Q: Atty. Parcon: Pinatotohanan nyo po ba ang lahat ng inyong sinasabi dito sa inyong panghukumang salaysay?

Witness: Opo, Sir.

Q: Atty. Parcon: That is all for the witness your Honor.


RICARDO GALANG
Affiant

SUBSCRIBED AND SWORN TO before me this 17 AUG 2022 2022
in Cajidiocan, Romblon, Philippines affiant having exhibited to me his
_____ as competent evidence of identity.

SUBSCRIBING OFFICER

ATTY. EMERSON J. FELONGCO
PAO LAWYER III
Pursuant to R.A. 9406

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES)
CAJIDIOCAN, ROMBLON) S.S.

ATTESTATION

I, **ATTY. JERRY FRANK C. PARCON**, of legal age, Filipino citizen, married, with office address at Barangay Poblacion, San Agustin, Romblon, after having been duly sworn to in accordance with the law, do hereby depose and say that:


1. I am the lawyer who conducted the direct examination of the witness Ricardo Galang;
2. I faithfully recorded or caused to be recorded the questions I asked and the corresponding answers that the witnesses gave; and
3. Neither I nor any other person then present or assisting me coached the witnesses regarding their answers.

IN WITNESS WHEREOF, I have hereunto set my hand this _____, in Cajidiocan, Romblon.


ATTY. JERRY FRANK C. PARCON
Affiant

SUBSCRIBED AND SWORN TO before me this 17 AUG 2022, in Cajidiocan, Romblon, affiant exhibiting to me his UMID ID CRN 021 1695 0793 5, issued in Quezon City as competent evidence of identity.

SUBSCRIBING OFFICER


ATTY. EMERSON J. FELONGCO
PAO LAWYER III
Pursuant to R.A. 9406

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
MUNICIPAL CIRCUIT TRIAL COURT
CAJIDIOCAN-SAN FERNANDO-MAGDIWANG**

**SPOUSES EDDIE G. REYES
AND ANGELINA R. REYES AND
SPOUSES JAYSON REYES AND
HAZEL JOYCE P. REYES,**

Plaintiffs,

- versus -

**CIVIL CASE NO. _____
For: QUIETING OF TITLE AND
DAMAGES**

**SPOUSES GERARDO AND
LOURDES ESTEBAN, GERARD
LOUISE ESTEBAN, TIMOTHY
JOHN ESTEBAN, JERILOU
ATASHA ESTEBAN, ENRICO
ROTONI, ARCHITECT
ALPINIANO ENCARNACION,
AND ARCHITECT EDDIE
ABOGADO**

**THE HEIRS OF IBARRA R.
ROVIRA AND BARBARA R.
ROVIRA REP. BY ALDAN
ROVIRA**

Defendants.

**DEPARTMENT OF
ENVIRONMENT AND NATURAL
RESOURCES REGION IV-B,**

**PROVINCIAL ASSESSOR OF
THE PROVINCE OF ROMBLON,**

Nominal Defendants.

X-----X

**JUDICIAL AFFIDAVIT
(JAYSON R. REYES)**

PREFATORY STATEMENT

This is the Judicial Affidavit of **JAYSON R. REYES** ("Jayson") 37 years old, Filipino, married, and presently residing in Brgy. Marigondon, Cajidiocan, Romblon. The Examination is conducted by **ATTY. JERRY FRANK C. PARCON**, with office address in Brgy. Poblacion, San Agustin, Romblon.

The counsel freely explained to the witness the purpose of the Judicial Affidavit and he certifies that he is answering the questions asked of him; that he is fully conscious of the answers given and he does so under oath; and that he may face criminal liability for any false testimony or perjury given by him in this Judicial Affidavit. Likewise, the Q and A portion of this Judicial Affidavit is in Filipino language since it is the medium that the witness is at ease in explaining his thoughts with this counsel.

OFFER OF TESTIMONY: The testimony of the witness is being offered to prove the following:

1. That his father Eddie R. Reyes ("Eddie") purchased a 423 sq. m. beach lot ("subject property"), from Ibarra R. Rovira ("Baring"), on 22 June 2015, which is a portion of Cadastral Lot Number 4639, previously under Real Property Tax Declaration Number 0535, originally consisting of 3038 sq. m. located in Brgy. Marigondon, Cajidiocan, Romblon using the money which he and his wife gave to Angelina R. Reyes in Macau;
2. That after Eddie bought the subject property, Baring delivered to Eddie the separate real property tax declaration of the subject 423 sq. m. lot, now under Real Property Tax Declaration 0658 with PIN 033-03-012-17-054, separate from the mother tax declaration of Cadastral Lot Number 4639;
3. That they immediately took active possession of the subject property wherein they developed the area because originally the area was muddy and dense. They also planted a quite number of dwarf coconut trees in the subject lot including the portion where the Spouses Gerardo and Lourdes Esteban is now occupying. In September 2015 they started the construction of their family home inside the subject lot;
4. That when he went back home in 2020, he discovered that Spouses Gerardo and Lourdes Esteban ("Spouses Esteban"), thru their geodectic engineer, already placed some boundary stones inside their property and wanted to advance inside their property.

Immediately, he placed a barbwire fence near his comfort room to prevent the Spouses Esteban from further intruding their property;

5. That sometime in March - April 2022, the construction workers of the Spouses Esteban constructed a small barracks adjacent to his barbwire fence and pretended to be a workers of a telephone company;

6. That in April 2022, Architect Alpiniano Encarnacion ("Encarnacion") and his workers illegally entered his property and wanted to get the portion of his lot for the intended construction project of the Spouses Esteban, but he strongly opposed and did not concede to the idea of Encarnacion;

7. That sometime in April 2022, he received a letter from Encarnacion Builders Corporation through Architect Encarnacion requesting him to demolish his house and their Restaurant – Haze By Craze, and further demanded him to pay damages in the amount of ONE HUNDRED FORTY-NINE THOUSAND SEVENTY PESOS (P149, 070.00);

8. That in May 2022, spouses Esteban, through Encarnacion already started the construction of a concrete tenement in the portion of their property. Encarnacion and his workers illegally cut coconut trees which their family planted in 2015, without any permit from the Philippine Coconut Authority;

9. That on 06 June 2022, he engaged the services of Geodetic Engineer Joevannie M. Saguid ("Engr. Saguid") to verify the 423 square meters lot that his father bought from Baring;

10. That based from the relocation/verification survey of Engr. Saguid, the Spouses Esteban encroached 141 sq. m. of the property of the plaintiffs;

11. That on 18 June 2022, the construction workers of the Spouses Esteban, by force and stealth, swiftly barged inside their property, and constructed several post inside the subject property.

12. To prove material allegations in the complaint;

13. To corroborate with the testimony of Eddie G. Reyes; and,

14. To identify pertinent documents in relation to his testimony.

Q: Atty. Parcon: Mr. Witness, maaari mo bang sabihin ang inyong pangalan at personal na sirkumstansya ng iyong buhay?

Witness: Ako po si Jayson Reyes 37 na taong gulang, kasal, at nakatira sa Brgy. Marigondon, Cajidiocan, Romblon.

Q: Atty. Parcon: Paano po kayo nagkaroon ng kaalaman sa kasong ito?

Witness: Alam ko po ang kasong ito, dahil pera po naming mag-asawa ang ginamit na pambili ni papa Eddie sa lupa na nasa kasong ito, Sir, dahil nagdesisyon po kaming mag-asawa na bumili na ng lupa sa Pilipinas.

Q: Atty. Parcon: Bakit si papa po ninyo ang bumili kay lolo Baring mo, at hindi kayo?

Witness: Noong binili itong lupa ni papa, wala po kami dito, Sir, nasa Macau po kami ng aking asawa na si Hazel Pinsan Reyes ("Hazel") at nagtatrabaho bilang Overseas Filipino Worker ("OFW").

Q: Atty. Parcon: Ano po ang dahilan at nagdesisyon kayo mag-asawa na bumili na ng lupa dito sa Pilipinas?

Witness: Nagsimula po yan Sir, mga 2015, noong nagkasundo po kami ni papa na bibili kaming mag-asawa ng lupa dahil baka mag stay na kami sa Pilipinas, dahil naisip naming mag-asawa na hindi namin control ang buhay namin bilang OFW sa Macau.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang napagkasunduan ninyo ng papa mo tungkol sa pagbili ninyong mag-asawa ng lupa dito sa Pilipinas?

Witness: Sabi sa akin ni papa, kakausapin niya po ang uncle niya na si lolo Baring.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang sumunod na nangyari?

Witness: Mga ilang buwan ang lumipas noong nagkasundo kami ni papa, sabi ni papa na binibenta na raw po sa amin itong lupa namin na ito (subject of this case).

Q: Atty. Parcon: Ano naman po ang ginawa ninyo matapos sabihin ng papa mo na binibenta na ni lolo Baring ang lupang kinatatayuan ngayon ng bahay mo?

Witness: Napaisip po ako dahil ang gusto ko sana na bilhin kay lolo Baring yung sa kabilang side - opposite ng dagat, dahil halos wala

pong silbi itong lupa na binenta sa amin noong hindi pa namin ito nadevelop, ka-nipaan, maraming putik, at matubig, at mababa sa kalsada.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang sumunod na nangyari matapos kang makapag-isip tungkol sa lupa ni lolo Baring mo?

Witness: Nagdesisyon po kaming mag-asawa, Sir, na bilhin na po namin ang lupa na ino-offer ni lolo Baring, kaya nagbigay po kami ng pera kay mama Angelina R. Reyes.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang sumunod na nangyari matapos kayong magbigay ng pera sa inyong ina?

Witness: Binili na po ni papa ang lupa, Sir, kay lolo Baring at nagkaroon po sila ng Deed of Absolute Sale na may petsang 22 June 2015.

Q: Atty. Parcon: Ipapakita ko sayo ang isang Deed of Absolute Sale na may petsang 22 June 2015 na may pirma sa ibabaw ng pangalan ng inyong lolo Baring at ng iyong ama, ano po ang kaugnayan nito sa inyong sinasabi?

Witness: Yan po ang aking sinasabi, Sir.

(Respectfully requesting that the subject document be marked as Exhibit "___".)

Q: Atty. Parcon: Matapos pong mabili ng inyong ama kay Baring, gamit ang pera ninyong mag-asawa, ang lupa na kinatatayuan ng bahay ninyo ngayon, ano po ang sunod ninyong ginawa sa lupa?

Witness: Dinivelop at pinaganda po namin nila papa ang lupang ito, Sir. Yung mga dwarf coconut na nakatayo at namumunga na ngayon sa lupang ito ay patanim ko na po lahat yan, yung iba kay papa. Pati po yung doon sa tinayuan ng bahay ng defendants na mga pinutol na niyog, ako rin po ang nagtanim at nagpatanim niyan sir. Yung iba pong puno ng niyog diyan inutos ko na po sa iba ipatanim lalo pag matigas ang lupa, at nahihirapan akong butasin para ilagay ang seedlings ng niyog.

Q: Atty. Parcon: Bakit po pinutol yung mga niyog na tinanim ninyo sa lupa mo?

Witness: Noong nagtayo po ng bahay sila Lourdes Esteban Sir ("Lourdes"), at inangkin nila ang portion ng aking lupa, pinutol po nila ang mga niyog na tinanim ko roon sa lupa na walang kaukulang

permit mula sa Barangay at sa Philippine Coconut Authority, yung iba po pina-backhoe po nila, may larawan po ako na kinunan diyan Sir.

Q: Atty. Parcon: Ipapakita ko po sa inyo ang mga larawan ng mga niyog na pinutol na nasa loob ng portion ng lupa mo, ano po ang kaugnayan nito sa iyong sinasabi?

Witness: Yan po ang aking sinasabi, Sir.

(Respectfully requesting that the said documents be marked as Exhibits "____" and "____".)

Q: Atty. Parcon: Mga ilang puno ng niyog ang pinutol ng defendants na tinanim mo sa lupa ninyo?

Witness: Mga nasa 20 to 30 piraso po Sir, karamihan doon ay dwarf coconut.

Q: Atty. Parcon: Kailan po ninyo tinanim ang mga dwarf coconut na yan?

Witness: Mga 2015 po namin natanim ang mga nasabing puno, noong nag start na po kaming ayusin itong nabili naming lupa kay lolo Baring. Yung mga pinutol ng defendants ganito na kalalaki sa picture (witness is pointing to the picture of dwarf coconut tree inside the Craze by Haze Restaurant), kasi mga kapatid ng mga puno nila ito sir, sabay sabay sila tinanim namin dito sa lupa. Pati po yang talisay na puno na makikita sa lupa Sir, ako po ang nagtanim niyan noong 2015. Ako rin po ang naglilinis at nagmemaintain dyan sa area na tinatayuan ng bahay nila Esteban noong wala pa sila diyan.

(Respectfully requesting that the picture of the dwarf coconut taken inside the Craze by Haze Restaurant be marked as Exhibit "____".)

Q: Atty. Parcon: Ano po ang dahilan bakit dinivelop ninyo ang lupa na binili ninyo kay Baring na ngayon ay kinatitirikan na ng inyong bahay at restaurant?

Witness: Kung hindi po namin dinivelop sir, halos hindi pwedeng tirahan ang nasabing lupa dahil napakapangit po, maputik, matubig, at napakasukal po nito dati. Lalo na noong hindi pa binuksan ang creek at ginawan ng culvert ng gobyerno pumapasok po sa amin ang tubig pag umuulan. Wala pong makaisip noon na magagawan ito ng bahay.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang patunay ninyo na matubig at maputik itong lupa na nabili ninyo at hindi ito maganda?

Witness: Ito pong larawan na ito Sir, na kinunan ko gamit ang aking cell phone nitong June 2022, makikita po na ang lupa namin sa portion ng katabing kalsada ay nandon pa yung mga kanipaan, at mataas po masyado ang level ng kalsada kumpara sa aming lupa, kaya kapag umulan, dito lahat papasok ang tubig sa amin, para kaming embudo, yan po ang patunay na kanipaan at maputik itong lupa na ito dati, Sir.

(Respectfully requesting that the said picture be marked as Exhibit "____".)

Q: Atty. Parcon: Paano po ninyo inayos ang lupa na nabili ninyo kay lolo Baring mo?

Witness: Nagpatambak po ako ng lupa, Sir, dito mismo po sa area ng bukana ng lupa namin, yung ibang lupa na natambak dito sa lupa namin ay galing naman sa lupa noong ginagawa ng DPWH ang highway.

Q: Atty. Parcon: Kailan naman po kayo nagsimulang magpatayo ng bahay sa nabili ninyong lupa kay lolo Baring mo?

Witness: Nagsimula kaming magpatayo ng bahay dito sa lupa namin noong 2015, Sir. Ito lang po (witness is showing a picture), anim na poste, wala pa itong restaurant. Noong nagkaroon ng pandemic at kelangan namin ng pagkakakitaan, dito na kami nagdagdag ng structures para sa aming restaurant.

(Respectfully requesting that the said picture be marked as Exhibit "____".)

Q: Atty. Parcon: Sa pagkakaalam mo, papaano po pumasok sa eksena si Lourdes Esteban sa lupa na nabili ninyo kay Baring?

Witness: Noon pong 2019, habang nasa Macau kami noon ni Hazel, nabalitaan ko na may binili raw na portion ng lupa ni lolo Baring si Lourdes, na katabi namin, pero wala pa naman po silang ginawang development sa lupa noong 2019 at narinig ko na pinagawan na nga raw po kami ng subdivision plan ni Lourdes. Yon din po ang taon na tumawag sa akin si papa na meron daw geodetic engineer sila Lourdes na magsusukat sa lupa namin. Nasa isip ko na para formal na maayos na rin ang pwesto ng lupa na binili ko, nakumbinse na rin ako at pumayag na ipasukat ang lupa ko noong mga panahon na yon.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang sumunod na nangyari?

Witness: Noong umuwi po kami galing Macau, mga 2020, dahil gagraduate na yung panganay namin na nag-aaral dito sa Cajidiocan, nakita ko may mohon na ang lupa namin, at parang lumiit ito, pero wala naman kaming survey plan para malinawan man lang kami sa tunay na sukat ng lupa na ginawa ng geodetic engineer ni Lourdes. Nagtanong ako kay papa, sabi ko ilang taon na, wala pa ring sketch plan, paano tayo magkaroon ng formal na sukat ng lupa. Hanggang nakita ko yung geodetic engineer nila Lourdes, nitong panahon ng pandemic, na bumaba dito sa area namin kaya tinanong ko siya bakit ganun yung mohon doon sa lupa ko at bakit walang binibigay sa aking plano ng lupa ko. Sinagot niya ako na nandoon daw kay Enrico Rotoni, ang katiwala sa lupa ni Lourdes.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang sumunod na nangyari?

Witness: Tinawagan ni papa yung geodetic engineer na nagsukat kay Lourdes, na si Jerome, ang sinabi niya rin kay papa nandoon daw kay Enrico Rotoni ("Enrico"), katiwala ni Lourdes sa Lupa. Nag suggest si Jerome na puntahan raw niya si Enrico at pagnandon na raw si papa kila Enrico, kausapin niya raw si Enrico para ibigay kay papa ang survey plan ng lupa.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang sumunod na nangyari?

Witness: Noong nandon na po kami kila Enrico, binigay po sa amin ni Enrico Rotoni ang survey plan pero matagal na po pala niya itong hawak at tinatago lang sa amin.

Q: Atty. Parcon: Ano naman po ang napansin ninyo sa survey plan na binigay ni Enrico Rotoni kung meron man?

Witness: Napansin ko po hindi po siya survey plan, subdivision plan po, at na nilagay po nila kami Sir sa Lot-C ng nasabing subdivision plan na may sukat na 423 sq. m., pero salvage zone area, na hindi naman dapat dahil bawal tirahan at ibenta ang salvage zone.

Q: Atty. Parcon: Ipapakita ko sayo ang isang subdivision plan na ginawa ni Engr. Jovito Cadatal na may petsang 21 October 2019 para sa Cadastral Lot No. 4639, ano po ang kaugnayan nito sa inyong sinasabi?

Witness: Yan po ang aking sinasabi, Sir.

(Respectfully requesting that the said document be marked as Exhibit "____".)

Q: Atty. Parcon: Paano po ninyo nasabi na bawal tirahan at ibenta ang salvage zone na binigay ni Lourdes sa inyo sa nasabing subdivision plan?

Witness: Noon pong nagpameeting ang DENR sa Barangay tungkol sa mangroves diyan sa aming lugar, kinausap ko po ang DENR tungkol sa subdivision plan na pinagawa ni Lourdes kung saan nilagay ako ni Lourdes sa nasabing subdivision plan sa area ng Lot-C. Ang sabi po sa akin ng taga DENR, niloko raw kami ni Lourdes dahil hindi raw po pwede ibenta ang salvage zone. At noong binabasa po ng DENR ang Deed of Sale ni papa at Lolo Baring, dapat daw pahaba ang lupa paayon sa kalsada, hindi raw po papunta sa dagat, base doon sa boundaries na nakalagay sa Deed of Sale.

Q: Atty. Parcon: Maliban sa paglalagay sa inyo sa Lot-C area sa nasabing subdivision plan, ano pa po ang napansin ninyo sa nasabing subdivision plan na ginawa ni Engr. Jovito Cadatal, kung meron man?

Witness: Palsipikado po Sir yung pirma ni lolo Baring sa "with my conformity".

Q: Atty. Parcon: Bakit po ninyo nasabing palsipikado ang pirma ni Baring?

Witness: Dahil malayong malayo po ito sa pirma niya sa Deed of Absolute Sale.

Q: Atty. Parcon: Ano naman ang inyong ginawa ng makita mo sa subdivision plan na pinagawa ni Lourdes na kayo ay nilagay sa salvage zone area o Lot-C?

Witness: Bilang respeto dahil halos second cousin siya ni papa, tumawag po ako kay Lourdes at kinausap ko po siya ng maayos para ereklamo sa kanya na bakit salvage zone ang binibigay niya sa akin na lupa. Sinabi ko kay Lourdes na, "maam gagamitin na po namin ang lupa na nabili namin, bakit naman po dito sa subdivision plan na binibigay ninyo sa amin ay puro salvage zone naman ito". Ang sabi sa akin ni Lourdes, "hintayin mo ako Jayson, uuwi ako diyan at titingnan ko yang lugar." Sinabi niya rin na lugi raw sila sa nabili nilang lupa kay lolo Baring dahil ang lupa daw na nabili nila kay lolo Baring ay lumiit daw dahil umusog daw ang highway.

Q: Atty. Parcon: Nabanggit ninyo kanina na pag-uwi mo galing Macau, may mohon na ang lupa ninyo na ginawa ng geodetic engineer ni Lourdes, at lumiit ang sukat nito, bakit mo nasabi na lumiit ang lupa na binili ninyo kay Baring noong nalagyan na ito ng mohon?

Witness: Dahil ang alam at paniniwala po namin Sir magsimula noong nabili namin itong lupa, magmula sa Lot B hanggang Lot D po sa drawing ni Engr. Saguid at Engr. Cadatal yan po ang aming 423 sq. m. dahil yon po ang sabi sa amin na magmula kila Male na lupa papunta roon kila Vicente Rovira ang aming boundary, at yan din po ang nakalagay sa boundary ng Deed of Absolute Sir ang North boundary ay Lot 4646 at ang South Boundary ay Lot 4638. Kaya rin po tinaniman namin ng niyog at puno ng talisay yang lupa ngayon na sinasakop ng mag-asawang Gerardo at Lourdes Esteban dahil alam namin sa amin po ang lupa. Hindi naman po ako maglalakas loob na basta magtanim na lang po ng puno ng niyog kung wala po akong pinanghahawakan na katibayan po.

Q: Atty. Parcon: Paano naman po nagsimulang pumasok sa lupa ninyo si Lourdes?

Witness: Noong nagsimula ang mga tauhan sa construction ni Lourdes nagtayo po sila ng maliit na barracks, mga March-April 2022 po yon, Sir.

Q: Atty. Parcon: Paano po nila tinayo ang nasabing barracks?

Witness: Napagpanggap po sila sa amin Sir, na trabahador ng PLDT, kaya hinayaan ko lang po dahil nandoon naman sila sa labas ng bakod ko. Hanggang lumaki na yung ginawa nilang construction.

Q: Atty. Parcon: Ano naman ang ginawa mo, kung meron?

Witness: Noon pong pumapasok na yung foreman nila sa lupa ko, sinisita ko po siya bakit siya pumapasok, ang bilin raw sa kanila ni Lourdes, pasukin raw itong lupa ko.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang sunod na nangyari?

Witness: Mga April 2022, pinasok po nila at gusto po nilang kunin yung portion ng lupa ko sa may parting comfort room ng restaurant namin, yung aking binakuran ng barbwire fence, dahil plano po nila patayuan ng swimming pool ito, pero hindi po ako pumayag, at ipinaglaban ko po karapatan ko Sir, dahil lupa po namin yon.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang sunod na nangyari?

Witness: Nakatanggap po ako ng sulat galing sa opisina ni Architect Alpiniano Encarnacion ("Encarnacion") may petsa pong April 12, 2022.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang laman ng sulat?

Witness: Kelangan raw po namin Sir magbayad ng P149, 070.00 bilang danyos dahil raw po na delay raw po ang construction ni Lourdes noong hindi ko po sila pinayagan na tayuan nila ng construction ang lupa ko.

Q: Atty. Parcon: Ipapakita ko sa inyo ang isang sulat galing kay Alpiniano na may petsang April 12, 2022, na binubuo ng apat na pahina, ano po ang kaugnayan nito sa inyong sinasabi?

Witness: Yan po ang aking sinasabi, Sir.

(Respectfully requesting that the said document be marked and sub-marked as Exhibits "____," "____," "____", and "____".)

Q: Atty. Parcon: Ano naman po ang ginawa ninyo matapos mong matanggap ang nasabing sulat?

Witness: Humingi po ako sa inyo ng payo, Sir, at pinadalhan ninyo rin po ng sulat si Encarnacion na may petsang 25 April 2022 copy furnished ang Barangay Captain ng Barangay Marigondon, Cajidiocan, Romblon.

Q: Atty. Parcon: Ipapakita ko po sa inyo ang isang sulat na galing sa representasyong ito na may petsang 25 April 2022, ano po ang kaugnayan nito sa inyong sinasabi?

Witness: Yan po ang aking sinasabi, Sir.

(Respectfully requesting that the said document be marked as Exhibit "____".)

Q: Atty. Parcon: Ano pa po ang inyong ginawa maliban sa pagpapadala ng sulat kay Alpiniano, kung meron man?

Witness: Noon din pong 25 April 2022, sir, nagpunta po ako sa Barangay Marigondon para ereklamo ang mag-asawang Gerardo at Lourdes Esteban, at si Encarnacion ng trespassing at land grabbing pero sinabihan po ako ng opisina ng Barangay Marigondon na hindi na raw po kelangan e barangay dahil hindi raw po sila residente ng Cajidiocan, kaya binigyan po nila ako ng Certification.

Q: Atty. Parcon: Ipapakita ko po sa inyo ang isang Certification na inisyu ng Barangay Marigondon, ano po ang kaugnayan nito sa inyong sinasabi?

Witness: Yan din po ang aking sinasabi, Sir.

(Respectfully requesting that the said document be marked as Exhibit "____, ".)

Q: Atty. Parcon: Ano naman po ang sumunod na nangyari?

Witness: Noon pong mga May 2022, umuwi si Lourdes para mag-usap kami sa lupa. Pero noong nandito na siya, hindi po siya nakipag-ayos, sinumbatan lang kaming mag-asawa na kesyo sampid lang, hanggang inungkat na niya ang mga ninuno namin, na wala namang kaugnayan sa problema namin sa lupa at sinasabihan din kami ng kapatid ni Lourdes na hindi raw namin kilala si Lourdes, mayaman daw sila Lourdes, kaya wala daw kaming kalaban laban.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang sumunod na nangyari?

Witness: Noong May 2022 din po, nagtuloy tuloy na ang pagpapatayo nila ng bahay o gusali sa lupa at pinutol po ng mga tauhan ni Lourdes ang tanim namin na dwarf coconut sa loob ng lupa na walang kaukulang permit, yung iba na-backhoe, wala po akong magawa, dahil hindi ko po alam kung anong legal na gagawin. Yung comfort room ko po, pinag-iinitan nilang gibain dahil doon daw nila ilalagay ang swimming pool. Yung bago nilang foreman, hindi po pumayag na doon ilagay ang swimming pool kaya iniba po nila ang plano. Tapos nagsimula po sila ng pagtayo ng construction doon sa labas ng bakod ko.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang sunod ninyong ginawa?

Witness: Pinasukat ko po ang lupa na nabili namin kay lolo Baring, Sir, kay Engr. Joevannie M. Saguid ("Engr. Saguid"), noong 06 June 2022, para malaman namin ang mga eksaktong boundaries nito, halos tumutugma po ito doon sa sukat na ginawa nila Ricardo Galang at David Rizo, Sir, noong bilhin ni papa ang lupa.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang katibayan ninyo tungkol sa sinabisabi ninyong sukat noong 06 June 2022.

Witness: Meron pong relocation/verification plan po ito Sir na ginawa ni Engr. Saguid.

Q: Atty. Parcon: Ipapakita ko sayo ang isang relocation/verification ng isang Engr. Saguid na may petsang 06 June 2022, ano po ang kaugnayan nito sa inyong sinasabi?

Witness: Yan po ang aking sinasabi, Sir.

(Respectfully requesting that the said document be marked as Exhibit "____".)

Q: Atty. Parcon: Paano po ninyo nasabi na halos tumutugma po itong sukat na ginawa ni Engr. Saguid doon sa sukat na ginawa nila Ricardo Galang at David Rizo, Sir, noong bilhin ni papa mo ang lupa?

Witness: Pinakita ko po kay Ricardo Galang ang drawing ni Engr. Saguid, Sir, at ang sabi niya halos ganyan daw po ang pagsukat nila ng lupa ko, pahaba, paayon sa kalsada, hindi po papunta sa dagat.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang naging resulta ng pagsukat ni Engr. Saguid sa inyong lupa?

Witness: Iginuhit po ni Engr. Saguid ang 423 sq. m. na lupa na nabili namin kay lolo Baring sa kanyang verification plan, at base doon sa ginawa niyang plano, yung 141 sq. m. ay nakasama sa pinatayuan ng building nila Lourdes Sir.

Q: Atty. Parcon: Bakit may existing barb wire fence itong lupa mo sa Lot-C (please refer to the drawing of Engr. Saguid) kung ang paniniwala ninyo ay sa inyo ang lupa hanggang Lot-D?

Witness: Nilagay ko po yang barbwire fence sa tabi ng Comfort Room ("C.R.") namin sir, pag-uwi ko sa Cajidiocan, Romblon mga taong 2020, galing po ako Macau noon, para ipakita kila Lourdes at Gerardo Esteban na hindi po ako sang-ayon sa ginawa nilang paglagay ng mohon sa lupa ko kung saan ako ay inilagay nila sa Lot-C, kaya nilagyan ko po ng existing barbwire yung diyan malapit sa C.R ko para di na po sila maka abante papasok sa portion ng lupa namin at para sa depensa na rin sa aking pamilya dahil pinipilit po nilang kunin ang aming lupa at gusto po nilang ipasunod sa amin na doon kami sa Lot-C sa ginawang plano ni Engr. Cadatal.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang sumunod na nangyari matapos masukat ang inyong lupa?

Witness: Noon pong 18 June 2022 Sir ng umaga, pwersahan pong pumasok sa loob ng lupa namin si Architect Eddie Abogado Jr. ("Abogado") at ang kanilang mga trabahador, kaya nagulat at natakot po kami dahil nagtatayo na po sila ng mga malalaking poste ng bakod sa loob ng aming ari-arian, kahit po pinapatigil namin sila ayaw po nilang tumigil, nagbi-bingihan lang ang mga trabahador at si Architect at tuloy tuloy lang po sila sa paglalagay ng poste sa loob mismo ng aming lupa, Sir.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang patunay ninyo sa inyong sinasabi?

Witness: Kinunan po ng video at pictures ng asawa ko Sir ang pangyayari, at nilagay po namin sa USB ang video?

Q: Atty. Parcon: Ipapakita ko sayo ang isang USB, at dalawang larawan, ito po ba ang inyong tinutukoy?

Witness: Yan po ang aking sinasabi, Sir.

(Respectfully requesting that the said USB, be marked as Exhibit "____", "____" and "____".)

Q: Atty. Parcon: Ano po ang sunod ninyong ginawa matapos kayong pasukin nila Abogado at ng kanilang mga tauhan?

Witness: Tumawag po ako ng pulis Sir, at nagmadali po ako na pumunta sa Municipal Police Station ng Cajidiocan, Romblon ("MPS") para humingi ng tulong dahil ayaw po nilang tumigil sa paglalagay ng poste sa loob ng aming lupa at nang dumating na po ako kasama ang dalawang pulis ng MPS doon pa lang po sila napatigil. Pinagtatanggal ko na rin po ang mga poste na kinabit nila Architect Eddie Abogado Jr. sa loob ng bakuran namin pagkadating ko galing sa MPS, wala na rin po sila Abogado ginawang reaksiyon.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang epekto sa inyo ng mga ginawa nila Gerardo at Lourdes Esteban, Architect Alpiniano Encarnacion, Architect Eddie Abogado, Enrico Rotoni, at ng kanilang mga tauhan, sa ginawa nilang pagpasok sa inyong lupa na labag sa inyong kalooban at pagtago sa subdivision plan na ginawa ni Engr. Cadatal para hindi ninyo malaman?

Witness: Lagi ako po akong kinakabahan Sir, dahil sa dami po ng construction worker nila, baka bigla na lang kaming lusubin sa desoras ng gabi, kaya di po ako nakakatulog, pag may kumakalabog, bigla bigla po akong nagigising. Gumastos din po kami Sir ng pambayad sa inyo sa halagang P50, 000. 00 na acceptance fee, P5, 000. 00 bawat hearing, at P2, 000 – P10, 000 para sa mga dokumento o pleading. Nagbayad din po ako ng P18,000 kay Engr. Saguid para sa verification survey.

Q: Atty. Parcon: Pinatotohanan po ba ninyo ang inyong sinasabi dito sa inyong panghukumang-salaysay?

Witness: Pinatotohanan ko po lahat Sir, ang aking sinasabi dito.

Q: Atty. Parcon: That is all for the witness your Honor.


JAYSON R. REYES
Affiant

SUBSCRIBED AND SWORN TO before me this 17 AUG 2022 2022
in Cajidiocan, Romblon, Philippines affiant having exhibited to me his
_____ as competent evidence of identity.

SUBSCRIBING OFFICER

ATTY. EMERSON J. FELONGCO
PAO LAYTER III
Pursuant to R.A. 9406

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES)
CAJIDIOCAN, ROMBLON) S.S.

ATTESTATION

I, ATTY. JERRY FRANK C. PARCON, of legal age, Filipino citizen, married, with office address at Barangay Poblacion, San Agustin, Romblon, after having been duly sworn to in accordance with the law, do hereby depose and say that:

1. I am the lawyer who conducted the direct examination of the witness Jayson R. Reyes;
2. I faithfully recorded or caused to be recorded the questions I asked and the corresponding answers that the witnesses gave; and
3. Neither I nor any other person then present or assisting me coached the witnesses regarding their answers.

IN WITNESS WHEREOF, I have hereunto set my hand this
_____, in Cajidiocan, Romblon.


ATTY. JERRY FRANK C. PARCON
Affiant

SUBSCRIBED AND SWORN TO before me this 17 AUG 2022 2022, in Cajidiocan, Romblon, affiant exhibiting to me his UMID ID CRN 021 1695 0793 5, issued in Quezon City as competent evidence of identity.

SUBSCRIBING OFFICER

ATTY. EMERSON J. FELONGCO
PAO LAYTER III
Pursuant to R.A. 9406

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
MUNICIPAL CIRCUIT TRIAL COURT
CAJIDIOCAN-SAN FERNANDO-MAGDIWANG

SPOUSES EDDIE G. REYES AND
ANGELINA R. REYES AND
SPOUSES JAYSON R. REYES
AND HAZEL JOYCE P. REYES,
Plaintiffs,

- versus -

CIVIL CASE NO. _____
For: QUIETING OF TITLE AND
DAMAGES

SPOUSES GERARDO AND
LOURDES ESTEBAN, GERARD
LOUISE ESTEBAN, TIMOTHY
JOHN ESTEBAN, JERILOU
ATASHA ESTEBAN, ENRICO
ROTONI, ARCHITECT
ALPINIANO ENCARNACION,
AND ARCHITECT EDDIE
ABOGADO

THE HEIRS OF IBARRA R.
ROVIRA AND BARBARA R.
ROVIRA REP. BY ALDAN
ROVIRA

Defendants.

DEPARTMENT OF
ENVIRONMENT AND NATURAL
RESOURCES REGION IV-B,

PROVINCIAL ASSESSOR OF THE
PROVINCE OF ROMBLON

Nominal Defendants.

X-----X

**JUDICIAL AFFIDAVIT
(BERNARDO R. ROJAS)**

PREFATORY STATEMENT

This is the Judicial Affidavit of **BERNARDO R. ROJAS** ("**ROJAS**"), 58 years old, Filipino, married, and presently residing in Sitio Cambicang, Brgy. Marigondon, Cajidiocan, Romblon. The Examination is conducted by **ATTY. JERRY FRANK C. PARCON**, with office address in Brgy. Poblacion, San Agustin, Romblon.

The counsel freely explained to the witness the purpose of the Judicial Affidavit and he certifies that he is answering the questions asked of him; that he is fully conscious of the answers given and he does so under oath; and that he may face criminal liability for any false testimony or perjury given by him in this Judicial Affidavit. Likewise, the Q and A portion of this Judicial Affidavit is in Filipino language since it is the medium that the witness is at ease in explaining his thoughts with this counsel.

OFFER OF TESTIMONY: The testimony of the witness is being offered to prove the following:

1. That he drafted the Deed of Absolute Sale of the 423 sq. m. real property sold by Ibarra R. Rovira ("Baring") to Eddie Reyes ("Eddie");
2. That he accompanied Delfin Reyes ("Delfin") to the house of Baring in Dalandanan, Valenzuela City for the payment of the 423 sq. m. real property;
3. That he was with Delfin when the latter paid the purchase price of the 423 sq. m. to Baring in Dalandanan Valenzuela City;
4. That he saw Baring sign the Deed of Absolute Sale;
5. That he also signed the Deed of Absolute Sale as witness after Baring signed the said document;
6. To prove other material allegations in the complaint;
7. To identify pertinent documents in relation to his testimony.

Q: Atty. Parcon: Mr. Witness, maaari mo bang sabihin ang inyong pangalan at personal na sirkumstansya ng iyong buhay?

Witness: Ako po si Bernardo R. Rojas, 58 na taong gulang, kasal, at nakatira sa Sitio Cambicang, Brgy. Marigondon, Cajidiocan, Romblon.

Q: Atty. Parcon: Paano po kayo nagkaroon ng kaalaman sa kasong ito?

Witness: Alam ko po ang kasong ito Sir, dahil ako po ang gumawa ng Deed of Absolute Sale na pinapirmahan namin ni Delfin kay Baring noong pumunta kami sa bahay nila sa Dalandanan, Valenzuela.

Q: Atty. Parcon: Sino po si Delfin?

Witness: Kapatid po siya ni ninong Eddie, Sir.

Q: Atty. Parcon: Paano po kayo nagkasama ni Delfin papunta kay Baring sa Dalandanan, Valenzuela?

Witness: Nagpasama po siya sa akin papunta kila nong Baring dahil hindi niya po alam papunta roon, Sir, dahil noong panahon na iyon pinadalhan po siya ng pera ni ninong Eddie para pambayad sa lupa kay nong Baring?

Q: Atty. Parcon: Ano ang sumunod na nangyari noong nagpasama sayo si Delfin papunta kila Baring?

Witness: Sinamahan ko po siya papunta sa Dalandanan, Valenzuela, at noong nandoon na po kami sa bahay ni nong Baring, binayaran na po ni Delfin si nong Baring, at pinapirma rin po namin siya ng Deed of Sale, katunayan na inabot namin ang pera.

Q: Atty. Parcon: Sino po ang gumawa ng Deed of Absolute Sale na pinapirmahan ninyo kay Baring, kung alam mo?

Witness: Ako po ang gumawa ng Deed of Absolute Sale, Sir, nag research po ako ng form sa google. Ako na rin po ang nagprint dahil may printer naman po kami sa bahay.

Q: Atty. Parcon: Ano po ang dahilan at ikaw ang gumawa ng Deed of Absolute Sale?

Witness: Ito po yung naisip namin ni Delfin na paraan para may patunay po kami sa pag-abot namin ng bayad sa lupa kay nong Baring kaya gumawa po ako ng Deed of Absolute Sale.

Q: Atty. Parcon: Papaano naman po ninyo na-punuan ang mga detalye sa Deed of Absolute Sale na ginawa mo?

Witness: Pinadala po ni ninong Eddie ang sukat ng lupa kay Delfin pati po yung Real Property Tax Declaration ni nong Baring, kaya yon po ang nilagay ko sa Deed of Absolute Sale, Sir.

Q: Atty. Parcon: Ipapakita ko po sa inyo ang isang Deed of Absolute Sale na may petsang 22 June 2015, na may pirma ni Ibarra R. Rovira bilang vendor, ano po ang kaugnayan nito sa inyong sinasabi?

Witness: Iyan po ang aking sinasabi, Sir.

(Respectfully requesting that the subject document be marked as Exhibit "____")

Q: Atty. Parcon: Meron pong pirma dito sa ibabaw ng pangalan ng pangalawang testigo Bernardo R. Rojas, kaninong pirma po ito, kung alam mo?

Witness: Pirma ko po yan, Sir.

Q: Atty. Parcon: Meron din po ditong pirma sa ibabaw ng pangalan ng vendor na Ibarra R. Rovira, kaninong pirma po ito, kung alam mo?

Witness: Pirma po yan Sir ni nong Baring.

Q: Atty. Parcon: Ano ang iyong katibayan na iyan nga ay pirma ni Baring?

Witness: Dahil nakita ko po Sir at nandoon po ako ng pinirmahan nya ang Deed of Absolute Sale na ginawa ko sa bahay nila sa Dalandanan, Valenzuela.

(Respectfully requesting that the said signatures of Baring and the witness be sub-marked as Exhibits "____" and "____" respectively.)

Q: Atty. Parcon: Paano po pumirma si Baring sa ginawa mong Deed of Absolute Sale?

Witness: Noon pong binayaran na ni Delfin si nong Baring, ang sumunod po noon pumirma na ng Deed of Absolute Sale si nong Baring, pagkatapos po pumirma ni nong Baring pumirma din po ako sa Deed of Absolute Sale bilang witness.

Q: Atty. Parcon: Sino naman ang may hawak ng pera pambayad kay Baring noong mga oras na iyon?

Witness: Si Delfin po ang may bitbit ng pera, Sir.

Q: Atty. Parcon: Pagkatapos po ninyo ni Baring na pumirma sa nasabing Deed of Absolute Sale, ano po ang sumunod na nangyari?

Witness: Nag-iwan po kami ng isang kopya ng Deed of Absolute Sale kay nong Baring, Sir, yung ibang kopya hawak po ni Delfin.

Q: Atty. Parcon: Noong nandoon po kayo sa bahay ni Baring noong mga oras na nagpirmahan ng Deed of Absolute Sale, ano po ang napansin ninyo sa kilos at itsura ni Baring?

Witness: Napansin ko po na maayos naman ang kanyang itsura, kilos, at pangangatawan, Sir, maliban po sa kanyang asawa na nakita ko roon sa bahay nila na bed ridden na, at may sakit na, dahil daw po sa stroke.

Q: Atty. Parcon: Pinatotohanan nyo po ba ang lahat ng inyong sinasabi dito sa inyong panghukumang salaysay?


Witness: Opo, Sir, lahat po ng sinabi ko ay totoo.

Q: Atty. Parcon: That is all for the witness your Honor.


BERNARDO R. ROJAS
Affiant

SUBSCRIBED AND SWORN TO before me this 7 AUG 2022 2022
in Cajidiocan, Romblon, Philippines affiant having exhibited to me his
_____ as competent evidence of identity.

SUBSCRIBING OFFICER


ATTY. EMERSON J. FELONGCO
PAO LAWYER III
Pursuant to R.A. 9406

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES)
CAJIDIOCAN, ROMBLON) S.S.

ATTESTATION

I, ATTY. JERRY FRANK C. PARCON, of legal age, Filipino citizen, married, with office address at Barangay Poblacion, San Agustin, Romblon, after having been duly sworn to in accordance with the law, do hereby depose and say that:

1. I am the lawyer who conducted the direct examination of the witness Bernardo R. Rojas;
2. I faithfully recorded or caused to be recorded the questions I asked and the corresponding answers that the witnesses gave; and,


3. Neither I nor any other person then present or assisting me coached the witnesses regarding their answers.

IN WITNESS WHEREOF, I have hereunto set my hand this _____, in Cajidiocan, Romblon.


ATTY. JERRY FRANK C. PARCON
Affiant

SUBSCRIBED AND SWORN TO before me this 17 AUG 2022
2022, in Cajidiocan, Romblon, affiant exhibiting to me his UMID ID
CRN 021 1695 0793 5, issued in Quezon City as competent evidence
of identity.

SUBSCRIBING OFFICER


ATTY. EMERSON J. FELONGCO
PAO LAWYER III
Pursuant to R.A. 9406

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
MUNICIPAL CIRCUIT TRIAL COURT
CAJIDIOCAN-SAN FERNANDO-MAGDIWANG**

**SPOUSES EDDIE G. REYES AND
ANGELINA R. REYES AND
SPOUSES JAYSON R. REYES
AND HAZEL JOYCE P. REYES,
*Plaintiffs,***

- versus -

**CIVIL CASE NO. _____
For: QUIETING OF TITLE AND
DAMAGES**

**SPOUSES GERARDO AND
LOURDES ESTEBAN, GERARD
LOUISE ESTEBAN, TIMOTHY
JOHN ESTEBAN, JERILOU
ATASHA ESTEBAN, ENRICO
ROTONI, ARCHITECT
ALPINIANO ENCARNACION,
AND ARCHITECT EDDIE
ABOGADO**

**THE HEIRS OF IBARRA R.
ROVIRA AND BARBARA R.
ROVIRA REP. BY ALDAN
ROVIRA**

Defendants.

**DEPARTMENT OF
ENVIRONMENT AND NATURAL
RESOURCES REGION IV-B,**

**PROVINCIAL ASSESSOR OF THE
PROVINCE OF ROMBLON**

Nominal Defendants.

X-----X

**JUDICIAL AFFIDAVIT
(ENGR. JOEVANNIE M. SAGUID)**

PREFATORY STATEMENT

This is the Judicial Affidavit of **ENGR. JOEVANNIE M. SAGUID** ("**Engr. Saguid**") of legal age, Filipino, single, and with office address at Unit 601, 1880 Visayan Avenue, Sampaloc, Manila. The Examination is conducted by **ATTY. JERRY FRANK C. PARCON**, with office address in Brgy. Poblacion, San Agustin, Romblon.

The counsel freely explained to the witness the purpose of the Judicial Affidavit and he certifies that he is answering the questions asked of him; that he is fully conscious of the answers given and he does so under oath; and that he may face criminal liability for any false testimony or perjury given by him in this Judicial Affidavit.

OFFER OF TESTIMONY: The testimony of the witness is being offered to prove the following:

1. That he is a licensed Geodetic Engineer;
2. That he made a relocation/verification survey of Lot 4639, Cad 538-D, Cajidiocan Cadastre for the Spouses Eddie G. Reyes and Angelina R. Reyes;
3. That he prepared a relocation/verification plan on 08 June 2022;
4. That based from the result of his relocation/verification plan, the Spouses Gerardo and Lourdes Esteban encroached 141 sq. m. area from the property purchased by Eddie G. Reyes from Ibarra R. Rovira, which portion should be included in the 423 sq. m. lot that was sold by Ibarra R. Rovira to Eddie G. Reyes;
5. That Lot 4639-C which was planned to be given for the plaintiffs as their 423 sq. m. property by the Spouses Gerardo and Lourdes Esteban, in the approved subdivision plan made by Engineer Jovito T. Cadatal of Lot 4639 Cad 538-D, has only an actual land area of 79 sq. m., and the rest are salvage zone area;
6. To prove other material allegations in the complaint;
7. To identify pertinent documents in relation to his testimony.

Q: Atty. Parcon: Mr. Witness, can you please state your name and other personal circumstances?

Witness: I am Engr. Joevannie M. Saguid, Filipino, of legal age, single, and with office address at Unit 601, 1880 Visayan Avenue, Sampaloc, Manila.

Q: Atty. Parcon: How long have you been working as a geodetic engineer?

Witness: I started Sir around 2008, after I graduated and passed the board exam, since then, I worked in different companies, and in 2015 I put up my own office.

Q: Atty. Parcon: What is your proof that you passed the board exam?

Witness: I have my PRC ID Sir.

Q: Atty. Parcon: I am showing to you a PRC ID of one Joevannie M. Saguid, what is the relation of this PRC ID to the one that you mentioned?

Witness: That is the one that I mentioned, Sir.

(Respectfully requesting that the said PRC ID be marked as Exhibit "___")

Q: Atty. Parcon: How did you know about this case?

Witness: I know this case, Sir, because I was engaged by Jayson R. Reyes ("Jayson") to conduct a relocation/verification survey of his property consisting of 423 sq. m. which is part and portion of Cadastral Lot No. 4639 ("Lot 4639") and which has already an approved subdivision survey of Engr. Jovito Cadatal ("Engr. Cadatal").

Q: Atty. Parcon: Can you enlighten us about this approved subdivision survey made by Engr. Cadatal?

Witness: Engineer Cadatal had already subdivided Lot 4639 Sir, and it was already approved on 13 December 2019.

Q: Atty. Parcon: How did you make your relocation/verification survey of lot 4639?

Witness: I checked the boundaries of lot 4639, and I actually saw 4 boundary stones ("mohon") that are existing, which I observed being placed in their respective area as the boundaries of the whole area of lot 4639.

Q: Atty. Parcon: What did you do next, after you checked the boundaries of lot 4369?

Witness: I measured the corner of mohon 1, 2, 3, and 4 – two of the four mohons are located along Sibuyan Sea and the remaining 2 mohons along the highway or provincial road, then, I found out that the four mohons were correctly placed in the boundaries of lot 4639. Thereafter, I advanced to get the 423 sq. m. of sir Jayson stated in the Deed of Absolute Sale that he showed to me, excluding the 20 meters salvage zone, because according to sir Jayson the original intention of the Deed of Absolute Sale does not include the salvage zone as part the property that was sold to them by the seller.

Q: Atty. Parcon: What happened next after you advanced to your verification survey to get the 423 sq. m. of Jayson?

Witness: I found out in my verification survey that the 423 sq. m., which was assigned to Jayson as 4639 Lot-C in the subdivision plan made by Engr. Cadatal consisted only of 79 sq. m. if we will not include the salvage zone, Sir.

Q: Atty. Parcon: What else did you find out in your verification survey, if any?

Witness: I found out that the total area stated in the subdivision plan amounting to 3, 039 sq. m. of Lot 4639 had included the salvage zone area which is reserved for public use or purpose. If you can see I placed a dotted line in my verification plan to show the salvage zone portion of Lot 4639. Likewise, the total area of the lot was also reduced by 759 sq. m. when the provincial road changed its direction and consumed the seaside portion of Lot 4639. The said 759 sq. m. can be seen in Lot-A of my verification plan. The one that I put in my relocation/verification plan as Lot A, B, C, and D that is the whole area of Lot 4639, Sir. Basically, the real area of Lot 4639 without including the salvage zone is just small, Sir. So the only area left without the easement and salvage zone of Lot 4639 are as follows: Lot 4639-B is 38 sq. m., Lot 4639-C is 79 sq. m., and Lot 4639-D is 459 sq. m. (165 sq. m., 141 sq. m. and 153 sq. m.). That is the area that Jayson can get his 423 sq. m. - from 38 sq. m., 79 sq. m., 165 sq. m. up to 141 sq. m. where there is an ongoing construction of a building of my relocation/verification plan, Sir.

Q: Atty. Parcon: How about this barracks that you wrote in your verification plan, what is this all about?

Witness: That is the boundary of Lot 4639, Sir.

survey?

Witness: The Lot Data Computation Sir, and also the correlates in the subdivision plan made by Engr. Cadatal.

Q: Atty. Parcon: You mentioned that you made a relocation/verification plan of Lot 4639, I am showing to you a relocation verification plan of Lot 4639 made by Engr. Joevannie M. Saguid, what is the relation of this relocation/subdivision plan that you mentioned earlier?

Witness: That is the one that I mentioned, Sir

(Respectfully requesting that the said relocation/verification plan be made as Exhibit "____" and Lot "A" to "D" in the said relocation/verification plan be sub marked as "____" and series.

Q: Atty. Parcon: Do you confirm and affirm the truthfulness and veracity of this Judicial-Affidavit?

Witness: Yes, Sir.

Q: Atty. Parcon: That is all for the witness your Honor.

ENGR. JOEVANNIE SAGUID
Affiant

SUBSCRIBED AND SWORN TO before me this _____ 2022
in Romblon, Romblon, Philippines affiant having exhibited to me his
_____ as competent evidence of identity.

ATTY. JEFFERSON S. INDAP
SUBSCRIBING OFFICER
PURSUANT TO R.A. 9408

Agustin, Romblon, after having been duly sworn to in accordance with the law, do hereby depose and say that:

1. I am the lawyer who conducted the direct examination of the witness Engr. Joevannie M. Saguid;
2. I faithfully recorded or caused to be recorded the questions I asked and the corresponding answers that the witnesses gave; and
3. Neither I nor any other person then present or assisting me coached the witnesses regarding their answers.

IN WITNESS WHEREOF, I have hereunto set my hand this _____, in Romblon, Romblon.


ATTY. JERRY FRANK C. PARCON

Affiant

SUBSCRIBED AND SWORN TO before me this AUG 31 2022 2022, in Romblon, Romblon, affiant exhibiting to me his UMID ID CRN 021 1695 0793 5, issued in Quezon City as competent evidence of identity.


SUBSCRIBING OFFICER:

(Signature)